Unang Edisyon

# iSangLahi 5

## Pagbuo ng Pilipinas bilang Nasyon



Online Offline MATERIALS

DepED K·12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Ang Pinagmulan ng Lahing Pilipino

## Aralin 1: Ang Lokasyon ng Pilipinas sa Daigdig

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Nailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa Mapa
- Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longtitude at latitude)
- Natutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
   - Panalangin at Pagcheck sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
   - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
   - Maghanda ng Mapa o globo na gagamitin sa pagtukoy ng lokasyon ng lugar.
   - Magtanong sa klase kung ano ang mga pangunahing direksyon at pangalawang direksyon.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang iPresentation na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2-4**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang apat (4) na pangunahing direksiyon ay ang hilaga (north), timog (south), silangan (east), at kanluran (west).
- Ang apat (4) na pangalawang direksiyon ay ang hilagang-kanluran (northwest), hilagang-silangan (northeast), timog-kanluran (southwest), at timog-silangan (southeast).
- Ang tiyak na lokasyon (absolute location) ng Pilipinas ay nasa pagitan ito ng latitud na 4°–21° hilagang latitud at 116°–127° silangang longhitud.
- Ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas ay matutukoy batay sa mga anyong lupa at anyong tubig na nakapaligid sa bansa.
- May dalawang (2) paraan ng pagtukoy ng relatibong lokasyon ng isang lugar o bansa. Ito ay ang insular at bisinal na paraan.

### IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

1. Timog-silangang Asya
2. relatibong lokasyon
3. Asya
4. Kanluran
5. tiyak na lokasyon

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Insular na Pagtukoy**

1. Hilaga-Bashi Channel
2. Silangan-Pacific Ocean/ Philippine Sea
3. Timog-Celebes Sea
4. kanluran-West Philippine Sea

**Bisinal na Pagtukoy**

1. Hilaga-Taiwan, China
2. Silangan-Guam
3. Timog-Indonesia, Brunei, East Timor
4. Kanluran-Vietnam, Laos, Cambodia, Thailand
5. Timog-kanluran-Malaysia, Brunei, Singapore
6. Hilagang kanluran- China

## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

Maaaring ang sagot ay magkaka-iba

1. Ang direksiyon ay mahalaga dahil nagagamit natin ito sa araw-araw nating pamumuhay. Halimbawa nito, Kung tayo ay may pupuntahan na lugar na di pamilyar saatin, madali natin itong mararating o mapupuntuhan at hindi tayo maliligaw. Kapag may mga bagay na pinapahanap sa atin ang ating mga magulang o kapatid madali natin itong makukuha sa pamamagitan ng pagsunod ng tama sa mga direksiyong ibibigay nila.
2. Mahalagang pag-aralan ang mga relatibong lokasyon ng isang lugar dahil ang mga ito ay nakatutulong sa mabilis na pagtukoy sa kinaroroonan ng isang lugar. Nagsisilbi itong gabay para matukoy ang lokasyon ng lugar na hinahanap natin.
3. Kung pagbabatayan ang guhit latitud at longhitud ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ito ng latitud na 4°–21° hilagang latitud at 116°–127° silangang longhitud. Kung babasehan naman ang relatibong lokasyon gamit ang insular na pagtukoy, ang Pilipinas ay nasa Timog ng Bashi Channel, Hilaga ng Celebes Sea, Kanluran ng Pacific Ocean, at Silangan ng West Philippine Sea. Kung ang pagbabatayan naman ay ang bisinal na pagtukoy, ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog ng Taiwan, Hilaga ng Indonesia, Kanluran ng Guam, at Silangan ng Vietnam.

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Iguhit sa isang malinis na buong papel ang inyong tahanan at ang mga nakapaligid dito. Ilagay ang pangunahing direksyon na kinaroroonan nito.